Washington State Department of Social & Health Services

Transforming lives

PARA KAY:

MULA SA: Pangasiwaan ng Mga Kapansanan sa Paglaki (Developmental Disabilities Administration, DDA)

PAKSA: Pamamaraan para sa Application

Ito ang hiniling ninyong packet ng application na may kasamang:

1. Kahilingan para sa Pagtukoy ng Pagiging Karapat-Dapat sa DDA, DSHS 14-151
2. Form ng Pahintulot, DSHS 14-012
3. Abiso ng mga Kasanayan sa Pagkapribado para sa Kompidensyal na Impormasyon ng Kliyente, DSHS 03-387
4. Talaan ng: Mga Kondisyon sa Pagiging Karapat-dapat na Partikular sa Edad at Ebidensiyang Kinakailangan upang Matukoy ang Kapansanan
5. Mga karagdagang form kung kinakailangan.

Mangyaring kumpletuhin, pirmahan at/o ibalik ang sumusunod na "Listahan ng Mga Kinakailangang Kalakip:"

- ☐ Pinirmahang application na kinumpleto ang lahat ng bahagi.
- ☐ Mga kopya ng anumang mga pagtatasa na pangmedikal o pangkaisipan o mga ulat sa paaralan na nagpapakita ng kapansanan ng Aplikante.
- ☐ Pinirmahang Form ng Pahintulot – tiyakin na isama ang mga tirahan at numero ng telepono para sa lahat ng tagapagkaloob (provider).
- ☐ Pinirmahang HIPAA form (Abiso ng mga Kasanayan sa Pagkapribado para sa Kompidensyal na Impormasyon ng Kliyente, DSHS 03-387)
- ☐ Photocopy ng katunayan ng paninirahan ng Aplikante sa Estado ng Washington (bayarin sa utilidad, rehistro ng botante, atbp.). Kung ang Aplikante ay isang bata, ang katunayan ng paninirahan ng nag-aalagang magulang.
- ☐ Kopya ng card ng Social Security o dokumentasyon ng SSN, kung mayroon nito.
- ☐ Kopya ng katibayan ng kapanganakan (birth certificate) o mga legal na papeles para sa pag-aampon.
- ☐ Kopya ng Plano ng Pagiging Magulang na Inutos ng Hukuman (kung naaangkop).
- ☐ Kopya ng mga papeles sa pag-aalaga (kung naaangkop).

- Kung kailangan ninyo ang DDA na magpadala ng dokumentasyon at ebidensiya, dapat ninyong ibalik ang isang pinirmahan at nakumpletong form ng Pahintulot na may kasamang mga address at mga numero ng telepono para sa mga nagbibigay ng serbisyo (provider).
- Isinasangguni ng DDA ang lahat ng bata na wala pa sa edad na tatlo sa lokal na lead agency para sa mga serbisyo ng maagang pagkabata.

Makikita ninyo ang karagdagang impormasyon sa online sa https://www.dshs.wa.gov/dda/consumers-and-families/eligibility.

Ibalik ang application at hinihiling na dokumentasyon gamit ang sobre na may return address na ipinadala kasma ng application packet o sa nakalistang lokal na opisina sa Kahilingan para sa Pagtukoy ng Pagiging Karapat-Dapat (DSHS 14-151).

Kung mayroon kang mga tanong o kailangan ng tulong sa application, mangayaring tawagan ang isa sa mga walang bayad na numero na nakalista sa mga instruksiyon na kasama sa Kahilingan para sa Pagtukoy ng Pagiging Karapat-dapat (DSHS 14-151).